




Para makontrol ang mga daga, alisin ang mga nagpapaakit dito tulad ng mga pagkain, tubig at mapaglulunggaan.

5 Hakbang sa Pagkontrol ng mga Daga



Kilalanin ang Posibleng Mapapasukan ng Mga Ito




Mga Senyales na may Daga sa Kapaligiran

- Mga dumi ng mga daga
- Mga butas o bakas ng pagkakangatngat sa prutas, kardboard, kahoy at mga plastik na container
- Malangis na mga marka sa mga pader, mga bakod at pasukan




Alisin ang Mga Nakakaakit na bagay

- Pitasin ang mga hinog na prutas, mani at gulay. Pulutin ang mga nahulog na prutas, gulay at ibatibang klase ng mani sa lupa
- Takpan ang mga basurahan at mga compost bin
- Ilagay ang pagkain sa may takip at metal na lalagyan kapag inilalagay sa mga garahe at shed
- Alisin araw-araw ang mga hindi nakaing pagkain ng inyong mga alagang hayop
- Mag-spray sa mga dumi gamit ang banayan na bleach solution (9 parte ng tubig sa 1 parte ng bleach) bago linisin



Alisin ang Lugar na Pinaninirahan ng mga Daga

- Ayusin ang mga bukas gamit ang 1/4 pulgada 18-22 gauge na alambre o wire mesh
- Isara ang mga puwang sa ilalim ng mga pinto gamit ang mga metal na door sweep
- Itaas ang mga palyeta ng kahoy ng 12 pulgada mula sa lupa
- Panatalihin ang mga malalagong halaman, tulad ng bogambilya at ivy, na malayo mula sa mga gusali at bakod
- Linisin ang ihawan o grill na nasa likod bahay makalipas ang bawat gamit
- Alisin ang mga basura at labi



Bitag

- Ilagay ang mga bitag kung saan may nakikitang aktibidad ng mga daga
- Itali ang mga snap trap o pumipitak na bitag upang hindi mahila ang mga ito
- Ilagay ang pain na pagkain sa isang hindi na gaganang snap trap o pumipitak na bitag ng tatlong araw bago paganahin ito
- Iwasan ang paggamit ng mga pain na may lason sa loob ng tahanan dahil maaaring mamatay ang mga daga sa loob ng mga pader, na pagmumulan ng mabahong amoy at makakaakit sa mga langaw

Tumawag para sa LIBRENG edukasyonal na inspeksyon laban sa mga daga!

Habang may inspeksyon para sa daga, ang technician ay:



- Maghahanap ng mga hudyat ng aktibidad ng daga at mga pagpasukan nito
- Magbibigay ng mga instruksyon sa pagbibitag at pag-aalis sa mga lugar na pinaninirahan ng daga
- Magbibigay ng starter kit para maiwasan magkaroon ng daga tulad ng ipinapakita

Daga

(dagâ) n. nakakapanirang mga peste na maaaring makakontamina sa pagkain, makakapagkalat ng sakit, nakakasira sa mga istruktura at maging sanhi ng mga sunog sa bahay sa pamamagitan ng pag-ngangatngat sa mga kable ng kuryente

Mga uri ng Daga

Mga Dagang Itim (*Rattus rattus*)

- Pinakakaraniwang specie na natatagpuan County ng San Diego
- 13 – 18 pulgada ang haba kasama na ang buntot
- Mahilig kumanin ng prutas, mani o nuts, at mga gulay
- Naglulunga sa itaas ng lupa sa mga puno, attic, atbp



Norway Rats (*Rattus norvegicus*)

- Kilala rin bilang dagang “kalye” o “kanal”
- 16 – 20 pulgada ang haba kasama na ang buntot
- Isang klase ng hayop na kumankain ng karne at halaman
- Naglulunga sa mga mama-sa-masa o basang lugar sa ilalim o ibabaw ng lupa



Dagang Kahoy (*Neotoma spp.*)

- Kilala rin bilang “pack” rats
- 12 – 18 pulgada ang haba kasama na na an buntot
- Kumakain lang ng mga gulay
- Gumagawa ng lunggaan gamit ang mga patpat at labi sa iba’t ibang mga lugar tulad ng attic kahit hanggang sa mga motor ng sasakyan



IWASAN•TAKPAN ANG MGA
MAPAPASUKAN•BITAGIN

I-scan ang QR Code gamit ang inyong smart phone para mahanap kami sa web



COUNTY NG SAN DIEGO
Department of Environmental Health
Vector Control Program
5570 Overland Avenue, Suite 102
San Diego, CA 92123
(858) 694-2888



Iwasan



Protektahan



I-ulat



Daga

Gabay Upang Maiwasan at Makontrol ang mga Daga



COUNTY NG SAN DIEGO
Department of Environmental Health
Vector Control Program